Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-8 NG NOBYEMBRE, 2021 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Kieven E. Cantos | Pansamantalang Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Pangalawang Punong Bayan (Gumaganap na Punong Bayan) |

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 21-11-332

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA MGA NAULILA NI GINANG ZAIDA G. MAGBANUA, BUTIHING INA NG PANGALAWANG PUNONG BAYAN, KGG. RAMON G. MAGBANUA**

"**SAPAGKAT,** isang malungkot na araw ng Nobyembre 6, 2021 ang nagtakdang huling sandali ni Ginang Zaida G. Magbanua nang siya ay pumanaw na nagdulot ng labis na kadalamhatian sa kanyang pamilya at mga kaibigan;

"**SAPAGKAT,** si Lola Zaida ay isang mabuting ina sa kanyang mga anak na sa kabila ng hirap at mga pagsubok sa buhay ay nanatiling matatag at buong-pusong nagsikap para sa kapakanan ng kanyang mga anak, ang kanyang pagmamahal at kabutihan ay patuloy niyang ipinaranas sa kanyang mga apo, at ito ay mananatili na lamang bilang isang magandang alaala nang siya ay magkaroon ng malubhang karamdaman at tuluyang binawian ng buhay sa edad na 87 taong gulang;

"**SAPAGKAT,** siya ay ang butihing ina ng kasalukuyang Pangalawang Punong Bayan ng Bulalacao na si Kgg. Ramon G. Magbanua, na nagbigay ng ibayong inspirasyon sa kanya at nagturo na mabuhay ng marangal at magbahagi ng kabutihan para sa kapwa; at ang bawat tagumpay at narating sa buhay nilang magkakapatid kasama ng kanilang mga anak ay naging marubdob na kaligayahan ni Lola Zaida;

2021.05.25 15:31

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT,** ang buong Pamahalaang Bayan ng Bulalacao ay taus-pusong nakikiramay sa mga naulila at taimtim na nananalangin sa Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat na pagkalooban ng buhay na walang hanggan ang kaluluwa ng yumao na si Ginang *Zaida G. Magbanua* sa kanyang mapagpalang kaharian;

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA;** Pagpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao sa mga naulila ni Ginoong Zaida G. Magbanua, butihing ina ng Pangalawang Punong Bayan, Kgg. Ramon G. Magbanua,

**SA MUNGKAHI** nina SB Member Edwin C. Aceron, SB Member German S. Acosta at SB Member Dexter R. Gonzales at na pinangalawahan ng lahat ng dumalo, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY":** Nobyembre 8, 2021 Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member/
Pansamantalang Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Gumaganap na Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 11-10-2021

091121/PLP/jpc/admm

2021.05.25 15

Scanned with CamScanner